DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. IV-A
RELEASED
31793
By: Pao Date: 05/19/26

CLMD-RA-2026-65

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON

May 19, 2026
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit depedcalabarzon.ph)

# UP CABALLEROS-TIKTAK 2026

With reference to the letter of invitation of UP CABALLEROS titled: **TAUNANG PROGRAMANG TIKTAK 2026** dated April 29, 2026, all public and private schools in Batangas Clusters are encouraged to participate on voluntary basis observing DO 9, s. 2005, Instituting Measures to Increase Engagement Time-on-Task and ensuring compliance therewith.

Please see attached for other details.

For information and guidance of all concerned.

*02/ROC4*

**Address:** Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal
**Telephone No.:** 02-8682-2114 Loc. 420
**Email Address:** region4a@deped.gov.ph
**Website:** depedcalabarzon.ph

Certificate No. PHP QMS 22 93 0085

UP CABALLEROS
Promoting the Barako Legacy since 1980
ORD-ISH01-2026-538
upcaballerosofficial@up.edu.ph

**The Executive Committee**

Karl Benedic M. Garcia
*Primero Caballero*

Dana Pooline V. Loria
*Vice Primero Caballero Para Internal*

Emil Renz G. Briones
*Vice Primero Caballero Para External*

Sebastian Aldrin D. Levida
*Secretario*

Karyll L. Macatangay
*Tesorero*

Larra Mayelle O. Cornejo
*Functionario de Relacion Publico*

Kiannah Arianne V. Tenorio
*Functionario de Relacion Prensa*

Cyrus Ivane Mari L. Reyes
*Mariscales Legal*

Aldrich F. Vargas
*Mariscales Sports*

29 April 2026

Dr. Carlito D. Rocafort, CESO III
Regional Director
DepEd CALABARZON

Mahal na Dr. Rocafort:

Ang **UP Caballeros** ay isang kinikilalang socio-civic at varsitarian na organisasyon sa **Unibersidad ng Pilipinas Los Baños** na itinatag noong 1980. Patuloy itong nagtataguyod ng pagkakaisa, integridad, kahusayan sa akademya, at kamalayang panlipunan sa pamamagitan ng makabuluhang paglilingkod sa unibersidad at sa komunidad, lalo na sa lalawigan ng Batangas.

Kaugnay nito, isasagawa namin ang taunang programang **TIKTAK 2026** na may temang *ANINAG*, na gaganapin sa **The Mabini Academy, Lipa City, Batangas**, sa **Agosto 2026**. Layunin ng programang ito na magbigay ng kamalayan hinggil sa mga kontemporaryong isyung panlipunan sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad at paligsahan. Nais din nitong magsilbing plataporma para sa mga Batangueñong mag-aaral mula sa junior high school at senior high school upang maipamalas ang kanilang kamalayang panlipunan gamit ang kanilang kakayahan at talento. Higit pa rito, layunin din ng programa na maipakilala ang organisasyon sa mga magiging Iskolar ng Bayan.

Ang **TIKTAK 2026** ay binubuo ng dalawang pangunahing bahagi:

**1. TIKTAK TUKLAS: Agosto 8–9, 2026 (Sabado at Linggo)**
Isang online webinar na may temang *"ANINAG: Pagsilip sa tungkulin ng Midya sa Pagpapanatiling Tapat ng Gobyerno"*, na naglalayong palawakin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa papel ng midya sa lipunan at ihanda sila sa mga patimpalak.

**2. TIKTAK TALAOK: Agosto 15, 2026 (Sabado)**
Isang serye ng mga patimpalak na bukas sa mga mag-aaral mula Baitang 7 hanggang 12 sa buong lalawigan ng Batangas, kabilang ang:

- Call to Action Reel
- Essay Writing
- Poster Making
- Impromptu Speech
- Speech Choir

Sa pamamagitan ng programang ito, inaasahan naming mahikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral at mapalawak ang kanilang kamalayan sa lipunan habang pinauunlad ang kanilang kasanayan sa komunikasyon at sining.

upcaballerospartnerships@gmail.com

## The Executive Committee

Karl Benedic M. Garcia
*Primero Caballero*

Dana Pooline V. Loria
*Vice Primero Caballero Para Internal*

Emil Renz G. Briones
*Vice Primero Caballero Para External*

Sebastian Aldrin D. Levida
*Secretario*

Karyll L. Macatangay
*Tesorero*

Larra Mayelle O. Cornejo
*Functionario de Relacion Publico*

Kiannah Arianne V. Tenorio
*Functionario de Relacion Prensa*

Cyrus Ivane Mari L. Reyes
*Mariscales Legal*

Aldrich F. Vargas
*Mariscales Sports*

Kaugnay nito, kami po ay magalang na humihiling ng inyong **opisyal na endorsement** at pahintulot na maiparating at maipalaganap ang anunsyo ng **TIKTAK 2026** sa lahat ng Schools Divisions sa Batangas, upang mabigyan ng pagkakataon ang mga pampubliko at pribadong paaralan na makibahagi sa nasabing programa.

Lubos po naming pinahahalagahan ang inyong suporta sa pagpapalaganap ng makabuluhang edukasyonal na programa para sa mga paaralan at kabataang Batangueño.

Kalakip ng liham na ito ang aming event primer para sa inyong sanggunian. Para sa iba pang detalye o katanungan, maaari po kayong makipag-ugnayan kina Emil Renz G. Briones sa egbriones@up.edu.ph o sa numerong 0908 754 9390, at Ranz Reneir M. Lamano sa rmlamano@up.edu.ph o sa numerong 0927 531 6748.

Umaasa po kami sa inyong suporta at positibong tugon sa kahilingang ito.

Maraming salamat po.

Gumagalang,

**Karl Benedic M. Garcia**
Primero Caballero
UP Caballeros

**Emil Renz G. Briones**
Event Head, TIKTAK 2026
UP Caballeros

Pinagtibay nina:

**Ms. Allyssa Mari Mercado**
*Affiliate Adviser*

**Ms. Hannah Desiree Magpantay**
*Non-Affiliate Adviser*

# TIKTAK 2026

EVENT PRIMER



# Laman ng Primer

Ang Organisasyon 02

Mga Aktibidad ng Organisasyon 03

Tiktak 2026 06

Tiktak Talaok 07

Ang mga nagtagumpay sa nakaraang na Tiktak Talaok 10

Mga Mahahalagang Petsa 11

Contact Details 11

# UP Caballeros

Ang opisyal na Socio-Civic at Varsitarian organisasyon ng mga Batangueños sa Unibersidad ng Pilipinas - Los Baños



Ang UP Caballeros ay isang kinikilalang socio-civic at varsitarian na organisasyon sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Itinatag noong 1980, patuloy itong may matibay at natatanging kaugnayan sa pangunahing unibersidad ng bansa. Pinanghahawakan nito ang mga prinsipyo ng pagkakaisa, integridad, kahusayan sa akademya, at kamalayang panlipunan. Sa pamamagitan ng mga makabuluhang gawain, taos-puso itong nagbibigay serbisyo sa unibersidad at komunidad, lalo't higit sa lalawigan ng Batangas.

# Mga Aktibidad ng Organisasyon

## Workshops



Isinasagawa ang mga workshop sa larangan ng panitikan upang mapalawak at mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa panitikan, lalo't higit sa Batangas. Layunin nitong magbigay ng plataporma para sa malalimang pag-aaral at malikhaing pagpapahayag.

## Donation Drives





Bilang bahagi ng adbokasiya ng UP Caballeros na magbalik sa komunidad ng Batangas, regular na isinasagawa ang mga donation drives upang matulungan ang mga naapektuhan ng kalamidad.

# Mga Aktibidad ng Organisasyon













## Ala eh Month!

Ang Ala Eh Month ay taunang programa ng UP Caballeros kung saan namimigay ng libreng kapeng barako sa mga mag-aaral ng UP sa buong UPLB campus. Kasabay nito, isinasagawa din ang mga exhibit ng Batangueño at open tambayan upang ipagdiwang at ipaalala ang mga ugat at pagpapahalaga na itinataguyod ng organisasyon sa bawat miyembro bilang mga Batangueño.

# Mga Aktibidad ng Organisasyon





## Batanghenyo

BATANG HENYO 2025

Ang Batanghenyo ay isang programa ng UP Caballeros na naglalayong tulungan ang senior high school students na maging handa sa college admission tests (CATs). Binubuo ito ng online discussions at review sessions sa mga paksang maaaring lumabas sa CATs. Kasama rin ang isang mock exam na idinisenyo upang gayahin ang aktwal na pagsusulit at magsilbing praktis.

TIKTAK 2026



Sa **ika-33** na edisyon ng TIKTAK TUKLAS at TIKTAK TALAOK, tampok ang temang:

# ANINAG

Layunin nitong **imulat ang mga kabataan**, lalo na ang mga mag-aaral mula sa Batangas, **sa kahalagahan ng tamang pagboto**.

Isasagawa ang patimpalak nang face-to-face upang maipamalas ang talento, kamalayang panlipunan, at kritikal na pag-iisip ng mga kalahok. Kasabay nito, hinahangad din nitong palawakin ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga kabataan sa sining at iba pang larangan.

# TIKTAK TALAOK

Isang serye ng patimpalak na bukas sa mga mag-aaral ng junior high school at senior high school mula sa Batangas.
Layunin nitong kilalanin at itanghal ang kahusayan ng mga Batangueño sa iba't ibang aspeto ng akademya.

## Speech Choir

Nilalayon nito na palakasin ang diwa ng pagkakaisa at komunikasyon ng mga kalahok na magmumula sa mga **Baitang 7 hanggang 12.** Ninanais nito na buhayin ang pagkamalikhain ng mga isipan ng mga kalahok upang maipamalas ang kakayahang taglay na **isabuhay ang piyesang ibibigay** sa isang paraang kakaiba at natatangi.

## Call-to-Action Reel

Naglalayong palakasin ang pagiging malikhain, orihinal, at epektibong komunikasyon ng mga mag-aaral mula **Baitang 10 - 12**. Ang kompetisyon ay nagpapakita ng galing sa paggawa ng **makabuluhan at mapanghikayat na maikling bidyo** na may kaugnayan sa napapanahong isyu.

# TIKTAK TALAOK

Isang serye ng patimpalak na bukas sa mga mag-aaral ng junior high school at senior high school mula sa Batangas.
Layunin nitong kilalanin at itanghal ang kahusayan ng mga Batangueño sa iba't ibang aspeto ng akademya.

## Essay Writing

Nilalayon ng patimpalak na ito na paigtingin ang pagsusuri, kritikal na pag-iisip, at kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral mula **Baitang 9 at 10.** Sa temang ibibigay, hinihikayat ang mga kalahok na **magpahayag ng ideya** sa malinaw, makabuluhan, at orihinal na paraan **gamit ang wikang Filipino**.

## Poster Making

Layunin ng patimpalak na ito na hikayatin ang mga mag-aaral mula **Baitang 7 at 8** na gamitin ang kanilang imahinasyon at kasanayan sa visual art. Sa patimpalak na ito, nais ipromote ang kahalagahan ng sining bilang isang mabisang paraan ng pagpapahayag ng mensahe hinggil sa mga napapanahong isyu o tema. Ang mga kalahok ay inaanyayahang gumawa ng **orihinal na poster na nagpapakita ng mensahe** hinggil sa itinakdang tema.

# TIKTAK TALAOK

Isang serye ng patimpalak na bukas sa mga mag-aaral ng junior high school at senior high school mula sa Batangas.
Layunin nitong kilalanin at itanghal ang kahusayan ng mga Batangueño sa iba't ibang aspeto ng akademya.

## Impromptu Speech

Ang Impromptu Speech o Dagliang Pananalumpati ay isang patimpalak na bukas para sa mga mag-aaral mula **ika-10 hanggang ika-12 baitang.**

Ang pangunahing layunin ng patimpalak na ito ay mailahad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag, pagsusuri, at paglalahad ng opinyon sa paraang mapanghikayat.

Hinihikayat nito ang mga kalahok na magpamalas ng kanilang kasanayan sa **masusing pag-iisip at mahusay na komunikasyon** sa harap ng mga tagapakinig, gamit ang mga paksa na agad ipapahayag o tatalakayin sa kanila.

# 32nd Tiktak List of Winners

Ginanap noong March 2023

## TOP 3 SCHOOLS

### OVERALL CHAMPION

**The Mabini Academy**

### 1ST RUNNER-UP

**Canossa Academy Lipa City**

### 2ND RUNNER-UP

**Holy Family Academy of Padre Garcia, Batangas, Inc.**

# 32nd Tiktak List of Winners

Ginanap noong March 2023

## INDIVIDUAL CONTEST WINNERS

### POSTER MAKING

Buhaynasapa Integrated National High School

### SPOKEN WORD POETRY

The Mabini Academy

### DAGLIANG TALUMPATI

Canossa Academy Lipa City

### TIKTAK TUMPAK

Our Lady of Caysasay Acdemy

# Mahalagang Petsa

| PAGPAPAREHISTRO | TIKTAK TALAOK |
| --- | --- |
| **Hunyo 15, 2026 - Hulyo 24, 2026** | **Agosto 15, 2026** |

## Impormasyon sa Pakikipag-Ugnayan

Para sa mga katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na impormasyon:

**Emil Renz Briones**
Tiktak 2026 Head

egbriones@up.edu.ph
0908 754 9390

**Ranz Reneir Lamano**
Tiktak 2026
Marketing Co-Head

rmlamano@up.edu.ph
0927 531 6748